

Epektibong Wika na Ginagamit sa mga Pampublikong Signages sa Lungsod Zamboanga

Rico Vince C. Apawan¹, Janne Sheera G. Ramos², Ryan H. Ancheta³, Analy D. Saavedra, Ph.D.⁴

^{1,2,3}(*Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines*)

⁴(*College of Teacher Education, Western Mindanao State University, Philippines*)

ABSTRACT : This study aims to determine the most effective language used in public warnings and symbols in Zamboanga City. It employs a quantitative research design with a descriptive-quantitative approach. Convenience sampling was used to select respondents, while the survey-checklist served as the research instrument, containing questions on participants' preferences and perceptions regarding effective languages on public signages, warnings, and symbols. Data were collected from participants across various public spaces in Zamboanga City, including Paseo del Mar, San Jose Cawa-Cawa Boulevard, and Pasonanca Park. The results confirmed that English (N=68) was the most frequently observed language on signages among participants. Chavacano (N=55), serving as the city's lingua franca, ranked second, followed by Filipino (N=33), the national language. This study demonstrates that Zamboanga City's linguistic landscape is shaped by its multicultural identity. The objective of this research is to identify the most effective language for public signs and symbols in Zamboanga City through participants' knowledge, observations, perceptions related to it, and their views on its usage and dissemination.

KEYWORDS: *linguistic landscape, pampublikong signages, komunikasyon, lingua franca, epektibong wika*

I. PANIMULA

Ang wika ay isang instrumento na ginagamit ng mga tao sa pakikipaghalubilo at pakikipagtalastasan upang magkaunawaan at magkaintindihan ang bawat isa. Isa ito sa pinakamagandang regalo ipinagkaloob ng Diyos upang maipahayag ang ating saloobin, persepsyon at kaalaman na maaaring magbigay puwang at kamalayan sa ibang nilalang. Ito'y isang gawain na malaki ang magiging epekto sa paghatid ng mga ideya, impormasyon at kaalaman lalong-lalo na sa pang araw-araw na buhay.

Ayon kay Henry Gleason (1985) "Ang wika ay isang masistemang balangkas na sinasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang abitrario upang magamit ng nabibilang sa iisang kultura." Isa itong kaisipan na may pagkasunod-sunod ang wika nang sa gayon ay maunawaan ng kinakausap ang ideyang nais ipatid. Ang wika rin ay nagbibigay linaw sa mga kaisipan ng mga tao gamit ang mga tunog na nakaangkla sa mga simbolo nito. Ito rin ay ginagamitan na mga simbolo upang mairepresenta at mabasa kung ito ay isinasatitik na may makabuluhang epekto sa mambabasa. Kung kaya't masasabi na sa isang wika ay hindi lamang sa paraang berbal maaaring makapagbigay nang kaalaman bagkus sa paraang nasa titik at simbolo. Maliban sa pakikipagtalastasan ay isa sa mga paraan ng wika ang pagsasatitik nito na nababasa at naililimbag ng mga tao ang kanilang mga imahinasyon at kaisipan sa pamamagitan nang pagsasama-sama ng mga titik, na kung saan ito'y nakatutulong rin upang magbigay at magbahagi ng karunungan. Isa sa mga kakayahan ng isang tao ay kakayahang kumilala at umunawa ng mga simbolo. Ang mga simbolo ng halimbawa ng kaligtasan sa industriya sa lugar ng trabaho ay gumaganap at tumatayong isang pangunahing papel sa pagpigil sa mga aksidente at pagprotekta sa mga manggagawa.

Sa tala ng Metro Manila Development Authority (2019), mayroong nakatalang 121,771 aksidenteng behikular sa bansa sa loob ng isang taon. Mula rito, sa pag-usbong ng pandemyang COVID-19, nagkaroon ng kapansin-pansin sa pagbaba ng numero ng nasabing aksidente sa 65,032. Dahil dito, nabuo sa senado ang *Senate Bill No. 2239* o ang "*Public Safety Signages Accountability Act*" na nagbibigay ng tamang impormasyon ang mamamayan kaugnay sa mga gabay sa trapiko, warning signages at road hazards. Sa talang ito masasabi na mahalaga ang pagkakaroon ng mga signages at simbolo sa mga pampublikong lugar upang nang sa gayon ay malayo sa peligro ang mga mamamayan sa hindi kanais-nais na mga pangyayari hindi lamang sa kalsade ngunit maging sa tamang impormasyon sa pagpasok sa mga palikuran at iba pa.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Gorter (2006), ang wika ay nakapalibot sa tekstuwal na porma na makikita natin saan mang sulok sa kapaligiran, maging sa mga karatulang pangkomersiyo, mga poster, mga opisyal na paunawa, mga pantrapikong sign, at iba pa. Kaya naman, ang mga palarawan na simbolo o sinages na ito ay hindi lamang hinihiling ng batas, ngunit isa ring pangunahing kasangkapan para sa malinaw at mabilis na pakikipag-usap sa mga potensyal na panganib na nasa kapaligiran ng trabaho, tulad ng mga tamang pagtawid sa gusali, kasarian sa pampublikong palikuran at ang pagpasok at labas ng isang tao sa isang establisimiyento. Dagdag pa ni Backhaus (2007), nakapagbibigay ito ng impormasyon para sa kapakanan ng publiko katulad na lamang ng mga babala, direksyon, topograpikong impormasyon ang mga *sign*.

Nabanggit din nina Cadiente at Valdez (2009), ang mga simbolo o palatandaan ay nakapaskil sa mga lugar na madaling makita upang makakuha ito ng atensyon ng publiko. Iginigiit din ng sukat at laki ng mga simbolo o palatandaan ang lawak ng saklaw na ninanais na makakita ng mga nakasulat sa mga ito. Ang mga *signage* at simbolo ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa ating pang-araw-araw na pakikisalamuha sa mundong ibabaw, ito'y instrumento na gumagabay sa atin sa pamamagitan ng labirint ng modernong mundo. Ang lahat ng ito ay makikita saan mang sulok man sa kapaligiran, subalit madalas na hindi nabibigyang-pansin, na nagsisilbing mga tanglaw ng impormasyon, komunikasyon, at patnubay. Mula sa pamilyar na *red octagon* ng isang *stop sign* sa masalimuot na mga simbolo adorning sinaunang mga templo, signages at mga simbolo ay tumatagos sa bawat aspekto ng buhay ng tao, na may hawak na malalim na kahalagahan at kabuluhan. Ang mga *signage* at simbolo ay nagsisilbing isang unibersal na wika na lumalampas sa mga hadlang ng kultura, wika, at literasiya. Sa isang globalisadong mundo kung saan magkakasamang nabubuhay ang mga tao mula sa magkakaibang background, ang mga visual na pahiwatig na ito ay nagbibigay ng isang karaniwang batayan para sa komunikasyon at pag-unawa.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na alamin ang epektibong wika sa mga pampublikong babala o simbolo sa Lungsod ng Zamboanga.

Upang maisagawa ang nabanggit na layunin, bumuo ang mga mananaliksik ng tiyak na layunin.

1. Sa ano-anong mga wika nasusulat ang mga signages na nakikita sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga?
2. Ano ang persepsyon ng mga kalahok sa mga wikang ginagamit sa mga signages na makikita sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga?
3. Anong wika ang mas angkop na gamitin sa mga signages na makikita sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga batay sa persepsyon ng mga kalahok?

III. KAUGNAY NA LITERATURA AT MGA PAG-AARAL

Wika

Ang wika ay isang mahalagang bahagi ng komunikasyon. Ito ang pangunahing paraan kung saan tayo nakikipag-ugnayan at naghahatid ng impormasyon sa isa't isa. Ang wika ay nagbibigay-daan din sa atin na ipahayag ang ating mga saloobin, damdamin, at ideya, na nagpapadali sa pagpapalitan ng kaalaman at pag-unawa. Bukod pa rito, ang wika ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa paghubog ng ating kultural na pagkakakilanlan at panlipunang pagkakaisa, dahil ito ay nagpapahintulot sa atin na ibahagi at mapanatili ang ating mga sama-samang karanasan. Gaya nang nabanggit ni Edward Sapir (1916) sa kanyang aklat na pinamagatang "Language: An Introduction to the Study of Speech," isinaad nito na "ang wika ay isang purong pantao at hindi likas na paraan ng pagpapahayag ng mga ideya, damdamin, at pagnanasa sa pamamagitan ng isang sistema ng mga kusang ginawang simbolo."

Tunay na hindi limitado ang wika sa gamit nito bilang komunikasyon. Ngunit, iba ang pananaw nina Cook at Siedlhofer (1995) na nabanggit sa "Principle & practice in applied linguistics" na ang "wika ay maaaring tingnan bilang isang *genetic inheritance*, isang matematikal na sistema, isang panlipunang konstruksyon, isang paraan ng pagpapahayag ng indibidwal na pagkakakilanlan, isang salamin ng kultural na pagkakakilanlan, ang resulta ng diyalohiko na interaksyon, isang sosyal na semiyotik, ang mga intuwisyon ng mga katutubong nagsasalita, ang kabuuan ng dokumentadong datos, isang koleksyon ng mga kabisadong padron, isang *discrete combinatorial system* na nakabatay sa panuntunan, o bilang *electrical activation* sa loob ng isang *distributed neural network*." Sa madaling sabi, ang wika ay maaaring tignan o bigyang kahulugan sa iba't ibang pananaw depende sa gamit nito. Maraming gamit ang wika sa pang-araw-araw na gawain ng tao. Mapa-komunikasyon man, trabaho, o miski ang mga panlipunang gamit nito tulad ng pagbibigay impormasyon, panghihikayat, o pagbibigay balala.

Sa aklat na *Perspectives: An Open Introduction to Cultural Anthropology* ni Brown et al. (2023), binibigyang-diin na ang wika ng tao ang pinakamahalagang elemento ng isang kultura dahil hindi maaaring umiral ang kumplikadong kultura ng tao kung walang wika, at kabaliktaran. Ang wika at kultura ay hindi mapaghihiwalay; ang wika ay nagpapahiwatig ng kultura at nagbibigay-daan sa paghahatid nito sa mga henerasyon. Ang lahat ng mga wika ng tao ay mga simbolikong sistema na gumagamit ng mga simbolo upang ihatid ang kahulugan. Ang isang simbolo ay tumutukoy sa ibang bagay, ngunit ang kahulugan nito ay hindi maaaring direktang mahihinuha dahil sa kawalan ng isang malinaw na koneksyon sa pagitan ng simbolo at ang tinutukoy nito. Ang katangiang ito ng wika ng tao ay kilala bilang *arbitrariness*. Halimbawa, maraming kultura ang nagtatalaga ng mga partikular na kahulugan sa mga kulay, ngunit ang mga kahulugang ito ay maaaring mag-iba nang malaki sa mga kultura. Upang maunawaan ang kahulugan ng anumang salita, dapat matutunan ng isang tao ang wika.

Sumasang-ayon rito ang pag-aaral na “The Role of Language in Human Information Interaction: A Social Semiotic View” nina Li and Tang (2018), tinuklas ang papel ng wika sa interaksyon ng impormasyon ng tao mula sa isang sosyal na *semiotic* na pananaw. Tinatalakay nito kung paano nakakaapekto ang wika sa paghuhusga at pag-iisip ng tao sa mga aktibidad ng impormasyon, at sinusuri ang impluwensya nito sa proseso ng paggawa ng kahulugan sa *interface* ng impormasyon. Itinatampok din ng pag-aaral ang mga pagbabago sa pakikipag-ugnayan ng impormasyon na dulot ng *digitalization* ng impormasyon, na nag-udyok ng mas malalim na pagsusuri sa pakikipag-ugnayan ng impormasyon ng tao upang mapahusay ang mga sistema ng impormasyon.

Samakatuwid, ang wika ay isang sopistikado ngunit kapansin-pansing likha ng tao na ginagamit natin ngayon bilang daluyan ng ating komunikasyon. Bagama't sa ilang mga pagkakataon ang paggamit ng isang partikular na wika sa loob ng isang kultura ay maaaring maging mahalaga at kapaki-pakinabang, sa ibang mga pagkakataon ang mga simbolikong representasyong ito ay maaaring humantong sa pagkalito o kawalan ng pag-unawa. Ang wika ay isang *multifaceted* at kahanga-hangang bagay na nagpapadali sa ating kakayahang makipag-usap, ngunit maaari rin itong maging mapagkukunan ng kalabuan o maling interpretasyon sa ilang partikular na konteksto.

Epektibong Wika

May mga pagkakataon na nakakaapekto ang wika kung paano nakikipag-usap at nakikipag-ugnayan ang mga indibidwal na maaarong humantong sa kalituhan at di pagkakaunawaan. Ang pagtuklas sa kahalagahan ng wika ay isang mahalagang hakbang sa pag-unawa sa mga salik na nakakaimpluwensya sa komunikasyon at pagkakaisa sa loob ng isang komunidad. Sa isinagawang pag-aaral nina Canestrino, et.al. (2022) na pinamagatang “The Impact of Language Diversity on Knowledge Sharing Within International University Research Teams: Evidence From TED Project,” ay nagpapakita na ang paggamit ng hindi katutubong wika ay nakakaapekto sa kasanayan sa wika sa iba't ibang paraan batay sa kung ang domain ng kaalaman ay may kaugnayan sa trabaho o hindi nauugnay sa trabaho. Sa mga domain na hindi nauugnay sa trabaho, ang mga limitasyon sa lingguwistika at pagkakaiba sa kultura ay humahadlang sa mga personal at panlipunang relasyon, binabawasan ang tacit na pagbabahagi ng kaalaman at negatibong nakakaapekto sa pangmatagalang pagbabago sa proyekto. Ang pagtugon sa mga hamon sa wika ay mahalaga para sa patuloy na tagumpay ng proyekto, at ang code-switching ng mga "tulay" na aktor ay lumitaw bilang isang epektibong dulog upang mapahusay ang komunikasyon at pagpapalitan ng kaalaman. Iminumungkahi ng mga natuklasan na ang higit na diin ay dapat ilagay sa mga estratehiya sa pagpaplanong pangwika na tumutugon sa mga partikular na pangangailangan sa komunikasyon ng komunidad. Makakatulong ito na mapagaan ang mga hadlang sa komunikasyon at mga hamon na kasalukuyang nararanasan sa loob ng komunidad.

Pampublikong Signages, Babala o Simbolo

Sa pag-aaral nina Shohamy at Barni (2010), nabinanggit ni Bustamante (2019), anumang nakasulat na karatula na makikita sa labas ng mga pribadong tahanan, mula sa mga karatula sa kalsada hanggang sa mga pangalan ng mga tindahan sa kalye at paaralan ay tinatawag na “Linguistic Landscape.” Si Landry at Bourhis (1997), na binanggit nina Riani et.al. (2021), ay nagbibigay ng kumpletong kahulugan ng linguistic landscape bilang ang *visibility* at *salience* ng mga wika sa pampubliko at komersyal na mga palatandaan sa isang partikular na teritoryo o isang partikular na rehiyon.

Ang terminong “pampublikong signages” ay tumutukoy sa anomang mga karatula, babala, o mga simbolong nakasulat o pa-semiyotikong nakalathla sa mga pampublikong kalsada, kalye, establisyimientong, at mga pasyalan. Ang mga “signages” na ito ay nagsisilbing gabay sa mga tao sa mga dapat na gawin o iwasan sa mga pampublikong lugar.

Ayon kay Yuzhu (2010), ang *signage* ay ipinakita sa lipunan nang maikli at simple, ngunit ito ay sinusupportahan ng isang kumplikado ngunit siyentipikong sistema sa likod nito. Dagdag nito, nabanggit ni Mollerup (2005), ang mga signage ay maaaring hatiin sa apat na uri ayon sa mga nilalaman nito: typography, pictograms, direction guide at cartography. Ang dalawa o higit pang mga uri ng nilalaman ay maaaring pagsamahin sa parehong signage.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Bustamante, J. (2019), ukol sa “Student’s Perception on the Use of Public Signages in Studying English” ay naglalayong malaman ang pananaw ng mga dayuhang estudyante sa paggamit ng mga pampublikong signage sa pag-aaral ng Ingles. Sinaliksik din ng pag-aaral na ito ang mga karanasan ng mga dayuhang estudyante sa paggamit ng *instructional module* sa public signages sa pag-aaral ng English.

Ginamit ng pananaliksik na ito ang deskriptibong phenomenological na disenyo ni Husserl upang ipaliwanag ang mga karanasan ng mga dayuhang estudyante. Ang mga pananaw at karanasan ng mga dayuhang estudyante ay kinuha sa pamamagitan ng paggamit ng interview guide questionnaire. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ginawa gamit ang Collaizi, may mga makabuluhang tema na lumitaw pagkatapos ng pangangalap ng datos katulad: *Theme 1- Proficiency in Language; Theme 2- Unique Strategy in Language Learning; Theme 3- Purposeful Public Signages; Theme 4- A Fun Way to Study*. Natuklasan ng pag-aaral na ito na ang paggamit ng mga pampublikong signages sa pag-aaral ng Ingles ay may positibong epekto sa mga dayuhang estudyante. Ang mga bokabularyo na makikita sa mga pampublikong signage ay gumawa ng magandang impresyon at naging bagong interbensyon para sa mga dayuhang mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa Ingles. Napagpasyahan din ng pag-aaral na ang mga pampublikong signage ay nagbigay ng natatanging pagkakataon para sa mga dayuhang mag-aaral na mas matuto nang may pagpapahalaga at kamalayan sa wikang Ingles sa paligid ng mga lugar. Dagdag pa, batay sa pananaw ng mga dayuhang mag-aaral, ang paggamit ng module ng pagtuturo sa mga pampublikong signage ay kinakailangan sa pag-aaral ng Ingles.

Ang pag-aaral na ito ay may kaugnayan sa isasagawang pananaliksik dahil layunin nito ang pag-unawa sa pananaw ng mga indibidwal hinggil sa impluwensya ng kasalukuyang wika na ginagamit sa mga pampublikong signages at kung ano ang kanilang opinyon sa kinapipiliang wika na dapat gamitin.

Sa pag-aaral ni Astillero, S.F. (2017) na may pamagat na “Linguistic Schoolscape: Studying the Place of English and Philippine Languages of Irosin Secondary School.” Sinisiyasat ng papel na ito ang *linguistic landscape* ng isang pampublikong paaralang sekondarya sa Irosin, Sorsogon, Pilipinas. Sa partikular, tinutukoy nito kung anong mga wika ang ipinapakita sa mga palatandaan, kung sino ang gumawa ng mga palatandaan, anong mga materyales ang ginagamit, at kung sino ang nilalayong madla. Tinutukoy din nito kung paano ginagamit, ipinapakita at kinokontrol ang mga wika sa lugar ng paaralan.

Batay sa 90 sign na nakolekta, ipinakita ng papel na nangingibabaw ang Ingles sa linguistic schoolscape na sinusundan ng Filipino habang ang Bikol ay halos hindi nakikita. Ang Ingles na ginagamit sa bottom-up na mga signage ay ginagamit para sa pormal na komunikasyon habang ito ay ginagamit bilang wika ng kabataan, wika ng fashion at wika ng fetishization sa bottom-up na mga signage. Sa kabilang banda, ang Filipino, mga wikang Bikol at mga halu-halong wika ay kadalasang nakikita sa ilalim ng mga palatandaan na kadalasang ginagamit sa impormal na paraan tulad ng pagpapataw ng partikular na kaayusan, upang ipahayag ang malaswang pansariling damdamin at emosyon, mga pagpili sa pulitika, o pagkakakilanlan ng indibidwal at grupo. Ang mataas na kagustuhan ng Ingles sa mga top-down na palatandaan ng paaralan ay ipinapakita sa pamamagitan ng pag-capitalize, pag-highlight at paggamit ng matingkad na mga tinta o pintura pati na rin ang paggamit ng matibay na materyales para sa pangmatagalang presensya ng Ingles sa LL. Bagama’t may mga puwang para sa bilingual at halo-halong mga wika sa schoolscape, ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang pangkalahatang institusyonal na imprastraktura at ang mga stakeholder sa pamamagitan ng kanilang mga kasanayan sa wika ay hindi ganap na sumusuporta at nagpapalakas sa mga multilingguwal na nagsasalita ng lugar pati na rin ang pangkalahatang layunin ng patakaran sa wika sa multilinggwalismo na isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon.

TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang pag-aaral na ito ay salig sa *Communication theory* at *Semiotic theory*. Sa isang dyornal ni Fred Dretske (2008), tinalakay nito ang pangunahing ideya ng teorya ng komunikasyon (*Communication theory*) ay ang impormasyong ipinadala sa pagitan ng pinagmulan at tagatanggap ay nakasalalay sa posibilidad ng iba’t ibang posibleng resulta sa bawat dulo. Kung ang pinagmulan ay maaaring magkaroon ng maraming posibleng kaganapan na mangyari, ito ay bumubuo ng impormasyon. Gayunpaman, kung ang pinagmulan ay tiyak at walang mga alternatibo, hindi ito nagpapadala ng bagong impormasyon. Anumang estado na may mga potensyal na alternatibo, kahit minimal, ay palaging magbibigay ng ilang antas ng impormasyon.

Sa pag-aaral naman nina Sapienza at Veenstra (2015), tinalakay nito ang teorya ng komunikasyon ni Lasswell. Nabanggit sa pag-aaral na ang Modelo ng Komunikasyon ni Lasswell, na ipinakilala ni Harold D. Lasswell noong 1940s, ay pinasimple ang proseso ng komunikasyon sa limang pangunahing elemento: "Sino, nagsasabi kung ano, sa anong channel, kanino, ano ang epekto?" Tinutukoy ng modelong ito ang nagpadala, ang mensahe, ang medium ng paghahatid, ang tagatanggap, at ang epekto ng mensahe. Sa kabila ng pagiging simple at *linear* na katangian nito, na pinuna dahil sa hindi pagkuha ng mga kumplikado ng modernong digital na komunikasyon, ang modelo ay nananatiling pundasyon sa mga pag-aaral ng komunikasyon. Ito ay malawakang ginagamit at inangkop upang magsama ng mga karagdagang elemento tulad ng *feedback* at konteksto, na pinapanatili ang kaugnayan nito sa larangan.

Ang kaugnayan ng teoryang ito sa pag-aaral ay, ang teorya ng komunikasyon ay maaaring magamit upang suriin kung paano ang wikang ginagamit sa mga pampublikong senyales at simbolo ay epektibong nagbibigay ng mga babala at impormasyon sa publiko sa Zamboanga City. Makakatulong ito na maunawaan kung paano nakikita at binibigyang-kahulugan ang mga palatandaan at simbolo ng iba't ibang madla.

Isa pang sanligan ng pag-aaral ay ang teoryang semyotiko. Tinatalakay ni Yakin at Totu (2014) ang semiotikong pananaw nina Peirce at Saussure - bilang isa si Saussure sa mga tagapanguna ng dulong na ito - sa pamamagitan ng paghahambing ng kanilang mga teorya ng mga palatandaan. Ipinakilala ni Saussure ang terminong *semiology*, na tumutukoy sa pag-aaral ng mga palatandaan at simbolo bilang mga bahagi ng komunikasyon sa loob ng isang lipunan. Sa kabaligtaran, ginamit ni Peirce ang terminong *semiotic*, na sumasaklaw sa pag-aaral ng mga palatandaan at interpretasyon nito, hindi lamang sa loob ng komunikasyon ng tao kundi pati na rin sa kaugnayan sa mas malawak na konsepto ng realidad. Inihahambing nina Yakin at Totu ang mga pananaw ng dalawang iskolar sa teoryang semiotiko kaugnay ng kanilang mga konseptong pundasyon at ang mga disiplina kung saan matatagpuan ang kanilang mga teorya.

Sa iba pang mga pag-aaral, natalakay ang teoryang semyotiko bilang ang *semiotics* ay ang pag-aaral ng mga palatandaan, simbolo, at paggamit ng mga ito sa paggawa ng kahulugan at komunikasyon. Sa kani-kanilang mga gawa, sina Campbell et al. (2020) at sina Banda at Jimaima (2015) ay tumalakay sa larangan ng *semiotics*, bawat isa ay nag-aalok ng mga natatanging kabatiran. Sina Campbell et al. (2020), tinukoy nila ang *semiotic theory* bilang isang komprehensibong balangkas na sumasaklaw sa proseso ng paggawa ng kahulugan, na kilala bilang *semiosis*, na kinabibilangan ng pag-aaral, memorya, at pag-alam, na naiimpluwensyahan ng iba't ibang mga kadahilanan tulad ng mga mapagkukunan, kakayahan, *affordance*, at *scaffolding*. Binibigyang-diin nila ang *dynamic* at *qualitative* na katangian ng mga *semiotic* na konsepto, na kinabibilangan ng mga makabuluhang relasyon na humuhubog sa mga interaksyon ng isang organismo. Sina Campbell et al. (2020) ay makipagtalo para sa pagsasama-sama ng mga prosesong nagbibigay-malay sa teoryang semiotiko, na nagmumungkahi na ang pag-unlad sa hinaharap ay dapat muling tukuyin ang mga prosesong ito sa mga terminong semiotiko kaysa sa mga sikolohikal. Sa kabilang banda, sina Banda at Jimaima (2015) ay nakatuon sa *semiotics* sa loob ng *linguistic landscape*, partikular sa rural Zambia, kung saan sila ay nagmamasid kung paano ginagamit ng mga tao ang mga elemento ng kanilang kapaligiran para sa komunikasyon at paggawa ng kahulugan. Tinatalakay nila ang *semiotics* bilang pag-aaral ng mga palatandaan at simbolo, sinusuri kung paano malikhaing ginagamit ng mga lokal na populasyon ang natural at kultural na mga elemento upang lumikha ng makabuluhang signage. Ipinakilala ang konsepto ng "semiotic ecology," inilalarawan nila ang dinamiko at magkakaibang kalikasan ng paggawa ng kahulugan, na nagpapakita kung paano kahit sa mga lugar na walang pormal na pangalan ng lugar, ang mga tao ay nakikibahagi sa mga kumplikadong semiotic na interaksyon upang mag-navigate at maunawaan ang kanilang kapaligiran.

Ang kaugnayan ng teoryang ito sa pag-aaral ay maaaring ilapat ang semyotiko upang suriin ang wika at mga bisyuwal na bahagi na nasa pampublikong *signage* at mga simbolo sa Zamboanga City, na tumutulong sa pag-unawa sa kung paano ang mga elementong ito ay mahusay na nagbibigay ng mga babala at mensahe sa pangkalahatang publiko.

III. METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

1. Disenyo ng Pag-aaral

Ang disenyo ng pag-aaral ay kwantitatibong uri ng pananaliksik na may disenyong Descriptive- Quantitative. Isang paglalarawan sa epektibong wika na ginagamit sa mga pampublikong *signages*, babala, at simbolo sa lungsod Zamboanga.

2. Pamamaraan ng Paglilikom ng mga Datos

Bago isinagawa ang pananaliksik gamit ang instrumento ng pag-aaral, ito ay dumaan muna sa mga balideytor upang tiyakin na ang mga katanungan ay naaangkop sa layunin ng pag-aaral at inalam rin kung ano ang mga dapat baguhin at palitan. Nang matapos, bago ang pangunahing pangangalap ng datos, isang pilot test ang isinagawa upang pinuhin ang mga instrumento sa pananaliksik. Ang mga gabay sa sarbey ay paunang nasubok sa isang maliit na sample ng mga residente sa lungsod Zamboanga. Ang tugon (*feedback*) mula sa pilot test na ito ay ginamit upang mapahusay ang kalinawan at kaugnayan ng mga tanong.

Pinili ang mga kalahok gamit ang *convenience sampling* upang matiyak ang magkakaibang representasyon mula sa iba't ibang bahagi ng demograpiko sa loob ng Zamboanga City, partikular sa mga pampublikong espasyo na Paseo del Mar, San Jose Cawa-Cawa Boulevard, at Pasonanca Park. Mayroong isang daan dalawampung 120 na kalahok na lumahok sa survey, na binubuo ng mga sumusunod: 40 kalahok mula sa Pasonanca Park; 40 mula sa Paseo del Mar; at 40 mula sa Boulevard.

Sa paglilikom ng mga datos, ang mga mananaliksik ay unang humingi ng pahintulot para sa kanilang instrumento sa sarbey na magsagawa ng pag-aaral. Pagkatapos ay nagpatuloy sila sa pangongolekta ng datos ng mga kalahok sa mga madalas na pasiyalan na lugar ng Zamboanga City, kabilang ang Pasonanca Park, Paseo Del Mar, at Boulevard, na madalas puntahan ng maraming tao. Gamit ang instrumento sa sarbey at mga kinakailangang kagamitan na inihanda, ang mga mananaliksik ay nangalap ng mga datos mula sa *random* na piniling mga kalahok. Inaasahan na aabutin lamang ng hindi bababa sa dalawang (2) oras ang bawat espasyo sa pagtugon sa ibinigay na mga talatanungan. Ang pamamaraang ito ay nagbigay-daan para sa mahusay na pangongolekta ng data at tiniyak na ang anumang kinakailangang pagsasaayos ay maaaring gawin batay sa mga paunang pagsusuri.

Bago sinimulan, ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at binalangkas ang mga patakaran, tulad ng karapatan sa hindi pagkakilala (*confidentiality*) Data privacy act of 2012 at opsiyon ng mga kalahok sa paglahok. Ang mga liham ng pahintulot ay ipinamahagi at nilagdaan upang sumunod sa mga pamantayang etikal at upang ipaalam sa mga kalahok ang tungkol sa layunin ng pag-aaral at ang kanilang papel sa pakikilahok.

Para sa Paseo Del Mar, nagpasya ang mga mananaliksik na kumuha ng apatnapung (40) kalahok, na isinasaalang-alang ang sentrong lokasyon nito sa Zamboanga City, na umaakit ng malaking bilang ng mga bisita. Eksaktong naidokumento ang mga tugon na may opsiyon para sa mga kalahok na isulat ang kanilang mga sagot kung gusto. Ipinalam sa mga kalahok na ang kanilang mga tugon ay itatala. Pagkatapos ay tinipon ng mananaliksik ang mga natapos na *survey checklist* at nagpahayag ng pasasalamat sa mga kalahok sa kanilang kooperasyon.

Bago matapos ang araw, pinagsama-sama ng mananaliksik ang lahat ng nakolektang tugon para sa pagsusuri. Ang mga tugon ay sinuri at nasuri sa pakikipagtulungan ng *thesis adviser at ang University Statistician* upang matiyak na ang mga datos at konklusyon ay tumpak at may kaugnayan sa mga layunin ng pananaliksik. Ang mga datos ay inayos at ipinakita gamit ang tatlong-puntong *Likert Scale* upang masuri ang mga tugon ng mga kalahok batay sa mga sumusunod na bahagi: (1) sumasang-ayon, (2) hindi sigurado, at (3) hindi sumasang-ayon.

3. Pagpili ng mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gagamit *convenience sampling* sa pagpili ng mga kalahok kung saan ang mga mananaliksik ay kukuha ng mga datos gamit ang *survey-checklist* sa pamamagitan ng paghahanap nito sa mga pampublikong espasyo ng lungsod upang mataya ang kanilang *preference* at opinyon kaugnay sa epektibong wika na ginagamit sa mga pampublikong *signages*, babala, at simbolo sa lungsod Zamboanga.

Ang mga kalahok ay inaasahang tinatayang isangdaan at dalawampu (120) na hahanapin at pipiliin sa mga tanyag na pampublikong espasyo ng lungsod: Pasonanca Park (40), Paseo del Mar (40), at San Jose Cawa-Cawa Boulevard (40).

4. Konsiderasyong Etikal

Ito ay naglalahad ng mga karapatan at benepisyo ng mga kalahok sa sandaling sila ay maging kalahok ng pag-aaral na ito. Gayundin ang responsibilidad ng mananaliksik upang matiyak na wala siyang lalabaging karapatan sa panig ng mga kalahok at sa mananaliksik tulad ng kanilang karapatan na tumanggi at hindi ilabas ang kanilang pagkakilanlan (Data privacy Act of 2012). Sa sandaling maipasa na ng mananaliksik ang kanyang panukala sa panel ng mga Ethics, dadaan din ito sa pagsusuri alinsunod sa instrumentong sinusunod ng mga panel. Kailangang matugunan ang kanilang mga naging komento at suhestiyon para sa mas ikagaganda ng papel.

5. Instrumento ng Pag-aaral

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik ay ang *survey-checklist* na naglalaman ng mga katanungan ng kagustuhan (*preference*) at pananaw ng mga kalahok sa epektibong wika sa mga pampublikong *signages*, babala, at simbolo sa lungsod Zamboanga na nais tayahin ng pag-aaral na ito. Ito ay binubuo ng dalawang (2) bahagi. Ang unang bahagi ay hinihingi ang demograpikong pinagmulan ng mga pangkat at wikang pamilyar at kagustuhan nila sa mga pampublikong *signages*, babala, at/o simbolo. Ang huling bahagi ay binubuo ng sampung (10) tanong na nagnanais malaman ang kanilang opinyon sa kabisaan ng wikang ginagamit sa mga pampublikong *signages*, babala, at/o simbolo. Sapagkat ito ay bagong instrument, ito ay dumaan sa balidasyon at pilot testing upang mapagtibay ang validity at reliability nito.

6. Istadistikal na Pagtutuos

Sa pag-aaral na ito, ang epektibong wika na ginagamit sa mga pampublikong *signages* sa lungsod Zamboanga ay ginamit ang *Inferential Analysis* gamit ang *One-Way Anova* upang suriin ang iba't ibang wikang ginagamit at nakikita sa iba't ibang lokasyon ng lungsod, partikular na sa mga kilalang dagsaan na pampublikong lugar: Paseo del Mar, Boulevard, at Pasonanca Park. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay tayahin ang iba't ibang wikang ginagamit sa lungsod, malaman ang persepsyon ng mga kalahok (natibo ng

lungsod), at tukuyin kung ano o alin pang wika ang nais nilang magamit o makita sa mga pampublikong signages sa lungsod.

Ang mga datos ay nakolektahan sa pamamagitan ng sistematikong pag-observerba sa iba't ibang mga signages, balala, karatula, at mga simbolong nakasulat o pa-semiyotikong nakalathla sa mga pampublikong kalsada, kalye, establisyimientong, at mga pasyalan. Mula dito, kinalap at pinili ng mga mananaliksik ang mga signages na ginagamit sa mga pangunahing pasyalan ng lungsod. Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng sarbey upang malaman at matukoy ang karanasan at persepsyon ng mga kalahok sa mga wikang ginagamit. Matapos idaan sa *reliability at validity* ng mga datos sa pamamagitan ng pagsasaayos at normalisasyon, isinagawa naman ang One-Way ANOVA upang suriin ang *variance*. Itong istadistikal na pamamaraan ay nakatulong sa pagtukoy kung ang mga wika at ang persepsyon ng mga kalahok ay may makabuluhan na koneksyon, kaya nagbigay ng pananaw na ang dinamikong tungkulin ng tanawing pangwika sa lungsod Zamboanga. Ang mga resulta ay binigyang-kahulugan sa konteksto ng semiotikong tungkulin at komunikasyong kaugalian.

PRESENTASYON NG RESULTA, ANALISIS at INTERPRETASYON NG DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng resulta, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakabatay sa suliranin ng pag-aaral.

Suliranin 1. Sa ano-anong mga wika nasusulat ang mga signages na nakikita sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga?

Talahanayan 1

Wika	Frequency	Percentage (%)	Rank
CHAVACANO	55	46	2
BAHASA SUG	16	13	4
SAMA BADJAO	3	3	6
INGLES	68	57	1
FILIPINO	33	28	3
CEBUANO/BISAYA	9	8	5
YAKAN	1	1	7
SAMA-BANGINGI	1	1	7

Ipinapakita ng talahanayan ang mga wikang madalas na ginagamit sa mga pampublikong signages, babala at/o simbolo sa lungsod Zamboanga. Ang wikang Ingles (N=68) ang nanguna sa wika na madalas nakikita ng mga kalahok na nakasulat sa mga signages. Ito ay marahil mula noong kolonisasyong Amerikano, pinagtibay ng mga Pilipino ang Ingles bilang pangalawang wika, gamit ito kasama ng mga lokal na wika (Esquivel, 2019). Pumangalawa naman ang wikang Chavacano (N=55), bilang lingua franca ng lungsod, pumangatlo naman ang wikang Filipino (N=33) na wikang pambansa, na sinundan ng iba pang mga wika sa lungsod. Ang Bahasa Sug (N=16), wikang Cebuano o Bisaya (N=9), wikang Sama-Badjao (N=3), at ang Yakan at Sama-Bangingi (N=1) ang pinakabihira na wika na nakasulat sa mga signages. Sa pag-aaral nina Jazul at Bernardo (2018), may kabuuang 211 environmental prints ang nakolekta mula sa Ongpin St. (72), Reina Regente St. (78), at Dasmariñas St. (46). Ang linguistic landscape (LL) ng Binondo Chinatown ay higit sa lahat bilingual, na may English-Chinese signs na binubuo ng 47.4% ng kabuuan. Ang Ingles, isa sa mga opisyal na wika ng bansa, ay bumubuo sa pangalawang pinakamataas na pamamahagi sa 45%. Kapansin-pansin, ang Filipino, ang pambansa at opisyal na wika ng Pilipinas ay halos hindi kinakatawan sa LL, na umaabot lamang sa 5.4% ng mga palatandaan, kahit na pinagsama sa mga bilingual na palatandaan. Itinatampok ng mga natuklasan ang malakas na presensya ng Ingles sa LL, nag-iisa man o kasama ng iba pang mga wika. Sa pag-aaral naman ni De Los Reyes (2014), na binanggit nina Jazul at Bernardo (2018), na ang Ingles ay mas laganap kaysa sa lokal na wika, Filipino, sa parehong opisyal (top-down) at hindi opisyal (bottom-up) na mga tanda sa loob ng linguistic landscape ng dalawang pangunahing mga istasyon ng tren sa Maynila, Pilipinas. Ang obserbasyon na ito ay nagmumungkahi na ang patakaran sa Bilingual ng bansa, na nagtatakda sa Ingles at Filipino bilang mga opisyal na wika ay sinisira. Sa kabila ng katanyagan ng Ingles, hindi ito nagpapahiwatig ng isang komunidad na nagsasalita ng Ingles, dahil karamihan sa mga Pilipino ay bihirang gumamit ng Ingles sa kanilang pang-araw-araw na gawain. Nangatuwiran si De Los Reyes (2014) na ang kalakaran na ito ay sumasalamin sa mataas na halaga ng mga Pilipino sa Ingles, na naniniwalang ito ay kapaki-pakinabang para sa komunikasyon sa Pilipinas.

Talahanayan 1.1



Figure 1. Chayacano Signages



Figure 2. English Signages



Figure 3. Filipino Signages

Suliranin 2. Ano ang persepsyon ng mga kalahok sa mga wikang ginagamit sa mga signages na makikita sa mga pampublikong lugar sa lingsod Zamboanga?

Talahanayan 2

Katanungan	Weighted Mean	Descriptor
1. Ang mga pampublikong signages, babala, o simbolo sa lungsod Zamboanga ay madali kong maunawaan.	1.04	Sumasang Ayon
2. Nasusunod ko ang mga karatula sa Zamboanga City kahit na hindi sa aking unang wika o walang salin sa Filipino at/o Ingles.	1.26	Sumasang Ayon
3. Mainam na may salin ang mga pampublikong signages sa Filipino.	1.09	Sumasang Ayon
4. Epektibo ang wikang ginamit sa mga signages/simbolo sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga	1.28	Sumasang Ayon
5. Mainam na kung ang gagamitin na wika sa mga pampublikong signages ay ang wikang Filipino.	1.36	Sumasang Ayon
6. Ang mga pampublikong signages o babala sa Zamboanga City ay kadalasang nabigo upang maihatid ang kanilang mensahe nang epektibo.	1.83	Hindi Sigurado
7. Hindi makatutulong ang pagkakaroon ng mga signages at simbolo sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga.	2.46	Hindi Sumasang-Ayon
8. Nakalilito ang wikang ginamit sa signages, babala o simbolo kaya walang pumapansin.	2.19	Hindi Sigurado
9. Ang wikang ginagamit sa mga pampublikong babala / signages sa Zamboanga City ay hindi sensitibo sa kultura o eksklusibo.	1.84	Hindi Sigurado
10. Hindi ko nasusunod ang mga karatula sa Zamboanga City dahil hindi ako pamilyar sa wikang ginamit.	2.41	Hindi Sumasang-Ayon

Legend:

1.00-1.66: Sumasang Ayon

1.67-2.32: Hindi Sigurado

2.33-3.00: Hindi Sumasang-Ayon

Ayon sa persepsyon ng mga kalahok sa mga wikang ginagamit sa mga signages na makikita sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga, pinapakita ang mga mean mula 1.04-2.46, na may equivalent na description na Sumasang-ayon – hindi sumasang-ayon. Lumalabas na ang mga negatibong pahayag ay nakakuha ng mataas na weighted mean kaysa sa mga positibong pahayag. Ipinapakita nito na kadalasang sumasang-ayon ang mga kalahok sa assertive o direktibong wika na ginagamit sa mga pampublikong signages. Maaaring nagmumula ang kagustuhang ito sa pragmatic na layunin ng signage, na karaniwang naglalayong magbigay ng malinaw na mga tagubilin o alituntunin. Ang pinakamataas na mean naitala ay 2.46, at ang mga kalahok ay hindi sumasang ayon na “Hindi makatutulong ang pagkakaroon ng mga signages at simbolo sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga”, sumunod na mean ay 2.41, na ang mga kalahok ay hindi sumang-ayon na “Hindi nila nasusunod ang mga karatula sa Zamboanga City dahil hindi ako pamilyar sa wikang ginamit,” sumunod naman na mean ay 2.19, na ang mga kalahok ay hindi sigurado na “Nakalilito ang wikang ginamit sa signages, babala o simbolo kaya walang pumapansin,” na sinundan pa ng iba pang mga pahayag. Ang pahayag na “Ang wikang ginagamit sa mga pampublikong babala/signages sa Zamboanga City ay hindi sensitibo sa kultura o eksklusibo.” ay nakatala ng mean na 1.84 o hindi sigurado, “Ang mga pampublikong signages o babala sa Zamboanga City ay kadalasang nabigo upang maihatid ang kanilang mensahe nang epektibo.” na nakatala ng 1.83 o hindi sigurado. Ang mga pahayag na may maliit na mean na naitala ay 1.36 o sumasang-ayon sa pahayag na “Mainam na kung ang gagamitin na wika sa mga pampublikong signages ay ang

wikang Filipino,” ang pahayag na “Epektibo ang wikang ginamit sa mga signages/simbolo sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga” ay nakatala ng mean na 1.28 o sumasang-ayon, ang pahayag naman na “Nasusunod ko ang mga karatula sa Zamboanga City kahit na hindi sa aking unang wika o walang salin sa Filipino at/o Ingles.” ay nakatala ng mean na 1.26, ang pahayag na “Mainam na may salin ang mga pampublikong signages sa Filipino.” ay nakapagtala ng mean na 1.09 o sumasang-ayon, at ang may pinakamaliit na mean ay 1.04, na ang mga kalahok ay sumang-ayon na “Ang mga pampublikong signages, babala, o simbolo sa lungsod Zamboanga ay madali kong maunawaan.” Sa pag-aaral nina Gorter and Marten (2020), ang mga implikasyon ng pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagpapanatili at pagdiriwang ng pagkakaiba-iba ng wika. Ang mga lokal na wika, tulad ng Filipino, Chavacano, Tausug, at Bisaya, ay hindi dapat malampasan ng dominasyon ng Ingles.

Ang mga pagsisikap na mapanatili at itaguyod ang mga wika sa pamamagitan ng maraming wika na mga senyales ay maaaring mag-ambag sa isang mas inklusibo at mayaman sa kultura. Sa isinagawang pag-aaral nina Clorion, et.al. (2022), habang ang mga bansa ay nagsusumikap na magkaroon ng globalisadong kapaligiran, ang mga senyales na gumagamit ng iba't ibang wika ay naging pamantayan upang magbigay-daan sa mga taong nagmula sa iba't ibang nasyonalidad at linggwistikong pinagmulan. Bukod pa rito, ang mga senyales ay nagsisilbing magbigay ng impormasyon, magtaas ng kamalayan, magpakita ng mga tagubilin, at ipakita ang pagkakakilanlan at pagkakaiba-iba ng kultura. Ang pagpapalawak ng saklaw ng pananaliksik upang sakupin ang mas malawak na lugar heograpikal ay maaaring magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa maraming aspeto at multikultural na kalikasan, na sa huli ay magpapahusay sa ating pang-unawa sa paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto.

Suliranin 3. Anong wika ang mas angkop na gamitin sa mga signages na makikita sa mga pampublikong lugar sa lungsod Zamboanga batay sa persepsyon ng mga kalahok?

Talahanayan 3

Wika	Frequency	Percentage (%)	Rank
CHAVACANO	57	36	1
BAHASA SUG	13	8	5
SAMA BADJAO	5	2	7
INGLES	28	18	2
FILIPINO	27	16	3
CEBUANO/BISAYA	14	9	4
YAKAN	8	5	6
SAMABANGINGI	3	3	8
OTHERS	5	3	8

Batay sa mga pananaw ng mga kalahok, ang Chavacano ay lumalabas bilang pinakaangkop na wika na gagamitin sa mga pampublikong signage sa Zamboanga City, na may dalas na 57 (36%), na nangunguna sa mga wikang sinuri. Ang resultang ito ay umaayon sa natatanging lingguwistikong pagkakakilanlan ng lungsod, kung saan ang Chavacano ay malawak na sinasalita at nagsisilbing lingua franca nito. Inilalarawan nito ang sensus noong 2000, binanggit ni Steinkrüger (2013) na ang Zamboanga City ay may populasyon na 600,000 kung saan ang Zamboanga Chavacano ang pangunahing wika para sa halos kalahati ng mga residente. Ang tungkulin ng Chavacano bilang isang lingua franca ay pinapadali ang komunikasyon sa magkakaibang grupo sa Zamboanga City. Sa pag-aaral din ni Go Silk (2020), lumabas na ang mga kalahok ay nagpahayag na ang Chavacano ay nakikita bilang mas inklusibo at mas madaling maunawaan kaysa sa iba pang mga wika, tulad ng Ingles o Filipino. Dagdag pa ni Steinkrüger (2013), ang pagiging pamilyar at ibinahaging pamana ng kultura na nauugnay sa Chavacano ay nagbibigay-daan sa epektibong komunikasyon sa mga pampublikong espasyo na nagpapaunlad ng pakiramdam ng komunidad at pagiging kabilang sa mga residente. Ang makabuluhang pangunguna nito ay nagmumungkahi na ang paggamit ng Chavacano sa mga pampublikong signage ay nagsisiguro ng mabilisang pagtanggap at pag-unawa para sa karamihan ng lokal na populasyon.

Pumapangalawa ang Ingles na may 28 mga tugon (18%), na nagpapakita ng katayuan nito bilang isang opisyal na wika sa Pilipinas at ang papel nito sa pormal na komunikasyon. Kasunod nito ang Filipino, ang wikang pambansa, ay mahigpit na sumusunod sa ikatlong puwesto na may 27 na mga tugon (16%). Sa pananaliksik na isinagawa nina Astillero at Magno (2017) na sinanggunian ni Clorion (2024), ay nagsiwalat na ang Ingles ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa iba't ibang konteksto, kabilang ang mga signage at bulletin board na ipinapakita sa loob ng mga Departamento ng Komunikasyon. Itinampok naman nina Al-Qenaie at Naser (2023) ang pandaigdigang kagustuhan para sa Ingles, na iniuugnay ito sa mga salik gaya ng globalisasyon, kahalagahan nito, internasyonalisasyon, at mga pagkakataong ibinibigay nito. Napansin din na ang Tagalog ay tinitingnan na mas mahirap dahil sa pormal nitong pagtuturo at impormal na paggamit sa labas ng silid-aralan na maaaring magresulta sa diskriminasyon. Bagama't kinikilala ang Tagalog bilang lingua franca (Delos Reyes, 2019), nababawasan ang pagiging praktikal nito sa mga rehiyon kung saan mas karaniwang

ginagamit ang Chavacano. Ang makabuluhang marka nito ay nagpapahiwatig ng katayuan ng mga wikang opisyal at komunikasyon sa lungsod upang mapagtibay ang koneksyon nito sa mga hindi lokal.

Ang Cebuano/Visaya (14 na tugon, 9%) at Bahasa Sug (13 mga tugon, 8%) ay sumasakop sa ikaapat at ikalimang puwesto, ayon sa pagkakabanggit. Ang mga datos na ito ay nagpapakita ng pagkakaroon ng tagapagsalutang Cebuano at Tausug sa mga komunidad sa lugar. Ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Steinkrüger (2013), na hindi lamang Chavacano ang mga wikang lokal ng lungsod. Kabilang din dito ang mga pangunahing wikang sinasalita sa Zamboanga ay kinabibilangan ng Cebuano, Tagalog, at Hokkien Chinese. Ang isang maliit na bilang ng mga matatandang residente ay nagsasalita ng Espanyol bilang kanilang unang wika. Bukod pa rito, ang mga Muslim na imigrante mula sa mga kalapit na isla ay nagsasalita ng mga wika tulad ng Tausug, Samal, Yakan, at Maranao.

Itinatampok ng kanilang limitadong representasyon ang kanilang paggamit pangunahin sa loob ng mas maliliit na grupong etniko o kultura, na nagmumungkahi na ang mga wikang ito ay maaaring gamitin sa mga partikular na konteksto o naisalokal na signage para sa mga komunidad na ito sa loob ng lungsod.

Panghuli, ang categoryang "Iba pa," na may 5 tugon (3%), ay kumukuha ng mga karagdagang wika na hindi tahasang nakalista.

Batay sa naging resulta, mahigpit na sinusupportahan ng datos ang Chavacano bilang pangunahing wika para sa mga pampublikong signage sa Zamboanga City. Ang mga natuklasan ng aming pag-aaral sa mga pumapabor sa wika ay sumalamin sa *signage* sa loob ng lungsod, tulad ng iniulat ni Clorion et al. (2024) at binanggit ni Ejisantos et al. (2024). Ang distribusyon ng mga wika ay ang mga sumusunod: English, 51.25%; Filipino, 23.36%; Chavacano, 19.59%; Tausug, 2.99%; Chinese, 1.74%; at Bisaya, 1.07%. Upang mapahusay ang pagiging inklusibo at pagiging epektibo, ang kumbinasyon ng Chavacano, Ingles, at Filipino ay maaaring mainam para sa mas malawak na komunikasyon, habang ang mga panrehiyon at etnikong wika ay maaaring gamitin sa mga partikular na lugar sa loob ng komunidad. Ang multilinggwal na hakbang ay tinitiyak ng multilinggwal na dulog sa pagbuo ng isang inklusibong komunidad na natutugunan ang magkakaibang mga pangangailangan at lahat ay may pagpapaunlak sa mahahalagang benepisyo.

Konklusyon

Ang mga nangalap na datos mula sa pag-aaral na ito ay nagbigay ng ilang makabuluhang pananaw ukol sa epektibidad ng mga wikang ginagamit sa mga pampublikong *signages*, babala at mga paalala.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang pinakamabisang wika para sa mga pampublikong palatandaan at simbolo sa Zamboanga City sa pamamagitan ng pagtukoy ng kaalaman at obserbasyon ng mga kalahok, kanilang persepsyon kaugnay nito, at kanilang pananaw sa paggamit at pagpapalaganap nito.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na habang ang Ingles ay ang pinakamadalas na ginagamit na wika sa pampublikong signage (N=68), ang mga kalahok ay nakikita ang Chavacano (N=55) bilang ang pinakaangkop na wika para sa pampublikong komunikasyon, dahil sa papel nito bilang lingua franca ng lungsod at ang malakas na kaugnayan nito sa kultura. Filipino (N=33) ang sumusunod, habang ang Cebuano, Bahasa Sug, Sama-Badjao, at Yakan ay may kaunting representasyon. Ang pangigingibabaw ng Ingles sa signage ay sumasalamin sa opisyal na katayuan nito at makasaysayang impluwensya ngunit hindi kinakailangang magpahiwatig ng madalas na pang-araw-araw na paggamit sa mga residente. Ang kagustuhan para sa Chavacano ay binibigyang-diin ang kahalagahan nito sa pagpapaunlad ng pagiging inklusibo at pagtiyak na ang mga pampublikong mensahe ay madaling maunawaan ng lokal na populasyon.

Itinatampok din ng nakalap na resulta ang pangangailangan ng mga multilinggwal na pampublikong *signage* sa Zamboanga City upang mapaunlakan ang magkakaibang populasyon nito sa wika. Ang isang sistemang pambabala (*signage*) na may kasamang Chavacano, Ingles, at Filipino ay magpapahusay sa pagtanggap at pag-unawa para sa mga lokal at bisita. Tinitiyak ng multilinggwal na estratehiya na ito na ang pampublikong impormasyon ay malinaw, may kaugnayan sa kultura, at epektibong nagsisilbi sa mga pangangailangan ng iba't ibang lingguwistikong pangkat.

Dahil dito, pinatunayan ng pag-aaral na ang *linguistic landscape* ng Zamboanga City ay nahuhubog ng multikultural na pagkakakilanlan nito (tignan talahanayan 1.0). Ang pagkakaroon ng iba't ibang wika sa *signage* ay sumasalamin sa interaksyon ng iba't ibang lingguwistikong komunidad. Habang ang Chavacano ang nagsisilbing karaniwang wika, ang pagkakaroon ng Cebuano, Tausug, at iba pang mga rehiyonal na wika ay nagpapakita ng pangangailangan para sa lokalisasyon sa mga *signage* na tumutugon sa mga partikular na komunidad (Steinkrüger, 2013). Ang pagkakaiba-iba ng lingguwistika na ito ay nag-aambag sa isang mayaman at dinamikong pampublikong espasyo kung saan ang wika ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa pagpapahayag ng kultura at pagkakakilanlan.

Ang pag-aaral na ito ay nagdaragdag sa lumalagong pangkat ng pananaliksik sa mga *linguistic landscape* sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagbibigay ng empirikal na datos sa paggamit ng wika sa mga pampublikong espasyo. Pinatitibay nito ang mga naunang natuklasan sa katanyagan ng Ingles sa mga opisyal at pormal na konteksto habang binibigyang-diin ang pangmatagalang papel ng mga lokal na wika tulad ng Chavacano sa pang-araw-araw na komunikasyon (Clorion, 2024). Sa pamamagitan ng paghahambing ng mga resulta sa mga

pag-aaral mula sa iba pang mga rehiyong multilingguwal (Delos Santos, 2024; Jazul et.al., 2018), ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng mga malinaw na pananaw sa kung paano umuunlad ang mga lingguwista batay sa mga salik sa kasaysayan, kultura, at demograpiko.

Bagama't ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahahalagang pananaw, kinikilala pa rin ng mga mananaliksik ang pangangailangan ng mga karagdagang pananaliksik upang tuklasin ang mga karagdagang salik na nakakaimpluwensya sa pagpili ng wika sa pampublikong signage. Maaaring suriin ng mga pag-aaral sa hinaharap kung paano hinuhubog ng mga patakaran ng pamahalaan ang representasyong lingguwista sa mga pampublikong espasyo, imbestigahan ang papel ng mga pribadong institusyon sa pagpili ng wika sa mga *signages*, at tasahin kung paano nakakaapekto ang iba't ibang kumbinasyon ng wika sa pagiging madaling mabasa at pang-unawa ng publiko.

Ang pagpapalawak ng saklaw ng pananaliksik upang maisama ang higit pang mga lugar sa loob ng lungsod Zamboanga at mga nakapaligid na rehiyon ay magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa pagkakaiba-iba ng wika sa mga pampublikong signage. Bukod pa rito, ang mga pag-aaral na gumagamit ng mga dulong kwalitatibo, tulad ng mga panayam at *focus group*, ay maaaring mag-alok ng mas maraming pananaw sa pampublikong perception ng multilingguwal na *signage*. Ang mga paghahambing na pag-aaral sa iba pang mga multilingguwal na lungsod sa Pilipinas at Timog-silangang Asya ay maaari ding magbigay ng mas malawak na pananaw sa epektibong pamamahala ng linguistic landscape.

Binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng Chavacano sa komunikasyong pampubliko at binibigyang-diin ang mga benepisyo ng isang multilinggwal na signage approach. Ang pagpapatupad ng Chavacano kasama ng English at Filipino ay maaaring lumikha ng isang mas inklusibo at epektibong *linguistic landscape* sa Zamboanga City. Ang mga natuklasang ito ay umaayon sa Teorya ng Komunikasyon ng Lasswell at Semiotic Theory, na nagbibigay-diin sa papel ng wika sa paghahatid ng malinaw at angkop sa kulturang mga mensahe sa mga pampublikong espasyo.

Rekomendasyon

Iminumungkahi ng mga mananaliksik ang pagpapatupad ng isang patakaran na iniayon ang paggamit ng wika sa mga pangangailangan ng pagkakaiba-iba ng pangkat na kinabibilangan sa populasyon upang mapahusay ang pagiging inklusibo. Iminumungkahi rin ng mga mananaliksik ang pagbuo ng mga inisyatibo upang isama ang mga wika tulad ng Yakan, Bahasug, at Sama-Bangingi sa mga karaniwang *signage* sa buong lungsod, na buong-puso na tatanggapin ng mga mamamayan at palawakin ang panlipunang kamalayan. Ang pag-aaral na ito ay nagsisilbing kasangkapan upang maunawaan ang mga pananaw at alalahanin ng mga residente ng lungsod, na naglalayong ipaalam sa pagbuo ng patakaran na tumutugon sa mga kasalukuyang pagkukulang. Hinihikayat ng mga mananaliksik ang mga pag-aaral sa hinaharap na suriin ang *linguistic landscape* ng mga naninirahan sa lungsod at tuklasin ang mas malawak na mga isyu na maaaring lumitaw. Sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mga rekomendasyong ito, ang lungsod ay maaaring magpaunlad ng isang mas inklusibo at patas na kapaligiran para sa lahat ng mga residente nito.

SANGGUNIAN

- [1] Banda, F., & Jimaima, H. (2015). The Semiotic Ecology of Linguistic Landscapes in Rural Zambia. *Journal of Sociolinguistics*, 19(5), 643–670. <https://dx.doi.org/10.1111/josl.12157>
- [2] Bernardo, A., & Jazul, M. E. M. (2018). A Look into Manila Chinatown's Linguistic Landscape: The Role of Language and Language Ideologies. *Ust-ph*. https://www.academia.edu/36290419/A_Look_into_Manila_Chinatowns_Linguistic_Landscape_The_Role_of_Language_and_Language_Ideologies
- [3] Brown, N., McIlwraith, T. F., & De González, L. T. (2020). *Perspectives: An Open Invitation to Cultural Anthropology*.
- [4] Campbell, C., Olteanu, A., & Kull, K. (2020). Learning and knowing as semiosis: Extending the conceptual apparatus of semiotics. *Sign Systems Studies*, 47(3/4). <https://doi.org/10.12697/sss.2019.47.3-4.01>.
- [5] Canestrino, R., Magliocca, P., & Li, Y. (2022). The impact of language diversity on knowledge sharing within international university research Teams: Evidence from TED Project. *Frontiers in Psychology*, 13. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.879154>
- [6] Clorion, F. D. D., Bulado, A. J., Encarnacion, B. A., Dumagay, A. H., Ellomer, G. A., Albani, S. E., Pil, A. O., Devanadera, A. C., Rillo, R. M., Alrefae, Y., & Alieto, E. O. (2024). Exploring linguistic signage in higher education: An empirical study of a linguistically diverse context. *Forum for Linguistic Studies (Transferred)*, 6(1), 2049. <https://doi.org/10.59400/FLS.v6i1.2049>
- [7] Clorion, F. D. D., Fernandez, C. L., Clorion, E. F. D., Devanadera, A., Aidil-Karanain, F., & Alieto, E. (2024). Examining the Linguistic identity of Asia's Latin City: A Content analysis of Multilingualism of a nonmetropolitan cityscape. *Forum for Linguistic Studies*, 6(3), 1–43. <https://doi.org/10.30564/fls.v6i3.6540>

- [8] Dela Cruz, M. (2023). Wikang Filipino: Tulay sa Pag-unawa ng Mag-aaral sa mga Asignaturang Nakahanay sa Wikang Ingles. DOI: 10.6084/m9.figshare.24874047
- [9] Dretske, F. (2008). Epistemology And Information. In *Elsevier eBooks* (pp. 29–47). <https://doi.org/10.1016/b978-0-444-51726-5.50007-8>
- [10] Eijansantos, A. M., Aidil-Karanain, F. L., Ambion, L. J., Galang, S. K., Tanpoco, M. R., Clorion, F. D. D., Lauzon, L. D. S., Alieto, E. O., Vallejo, R. G., & Rillo, R. M. (2024). Multilingual Situation in Zamboanga City: Native and Nonnative Chavaca no Speakers' Experiences and Perspectives. *Forum for Linguistic Studies*, 6(6). <https://doi.org/10.30564/fls.v6i6.6847>
- [11] Gaerlan, M. J., Villaverde, A. R., & Lim, R. R. (2019). Language experiences, preferences, and perceived proficiencies of multilingual Filipino-Chinese students: An exploratory study. Presented at the DLSU Research Congress 2019, De La Salle University, Manila, Philippines, June 19 to 21, 2019. Retrieved from ilide.info-language-experiences-preferences-and-perceived-proficiencies-of-multilingual-fi-pr_7062124366a9b4ab0c3392012e1bb696.pdf
- [12] Go Silk, B. et. al. (2020). Cognition toward the Mother Tongue, Attitude toward English, Chavacano, and Filipino: A Structural Equation Modeling Approach with Bootstrap Analysis. *The Asian ESP Journal*, 16(1.2), 528. https://www.researchgate.net/publication/340503522_Cognition_toward_the_Mother_Tongue_Attitude_toward_English_Chavacano_and_Filipino_A_Structural_Equation_Modeling_Approach_with_Bootstrap_Analysis
- [13] Gorter, D., & Cenoz, J. (2008). Knowledge about Language and Linguistic Landscape. *Encyclopedia of Language and Education*, 6, 2090-2102. https://doi.org/10.1007/978-0-387-30424-3_160
- [14] Kieu, C. Y. (2024, January 21). What is LANGUAGE? Cracking the code with 5 definitions of language that matters according to research in linguistics. *Language Educators Assemble*.
- [15] Li, E., & Tang, Y. (2018). The role of Language in Human Information Interaction: A Social Semiotic view. In *IFIP advances in information and communication technology* (pp. 12–21). https://doi.org/10.1007/978-3-319-94541-5_2
- [16] Mangaluz, J. (2023). Only 38% of students grade 1 to 3 prefer local language as medium of instruction — *Pulse Asia | Inquirer News*. INQUIRER.net. <https://newsinfo.inquirer.net/1725302/only-38-of-students-grade-1-to-3-prefer-local-language-as-medium-of-instruction-pulse-asia>
- [17] Nibalvos, I.M. (2019). Ang Wika sa Pamublikong Espasyo: Isang Pag-aaral sa Tanawing Pangwika ng Maynila. *The International Journal on the Liberal Arts*.
- [18] Paramarta, I. M. S., Artawa, K., Satyawati, M. S., & Purnawati, K. W. (2024, February 21). Specific functions of the public signs in a high school in Bali. <https://ejournal.pkbmsp.com/index.php/ijltl/article/view/15>
- [19] Qiannan, M. (2012). Research on the translation of public signs. *English Language Teaching*, 5(4). <https://doi.org/10.5539/elt.v5n4p168>
- [20] Riani, Y. W., Ningsih, A. W., Novitasari, M., & Zulkarnaen, M. S. S. R. (2021). A linguistic landscapes study in Indonesian sub-urban high school signages: an exploration of patterns and associations. *Journal of Applied Studies in Language*, 5(1), 134–146. <https://doi.org/10.31940/jasl.v5i1.2434>
- [21] Sapienza, Z. S., Iyer, N., & Veenstra, A. S. (2015). Reading Lasswell's Model of Communication Backward: Three Scholarly Misconceptions. *Mass Communication and Society*, 18(5), 599-622. DOI: 10.1080/15205436.2015.1063666.
- [22] Yakin, H. S. M., & Totu, A. (2014). The Semiotic Perspectives of Peirce and Saussure: A Brief Comparative study. *Procedia: Social & Behavioral Sciences*, 155, 4–8. <https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.10.247>